REMARKS OF

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

FOLLOWING HIS VISIT TO WOUNDED-IN-ACTION SOLDIERS

[Delivered at Army General Hospital, Headquarters, Philippine Army, Taguig City | 21 November 2017]

Chief of Staff, si Guerrero; ang ating mga heneral; mga sundalo ng Republika ng Pilipinas; mga kababayan.

Nandito ako to give you the medals for you richly deserve it. You earned it in the service of the country.

Alam mo, sa mga taong --- mga sundalo kagaya ninyo --- 'yung mga bagay na hindi namin kaya, kaya ninyo kaya kami sumasaludo.

And for serving the Republic and maintain its preservation, talagang nandito ako para sumasaludo sa inyo. At kung anong maitulong ko sa inyo, kung kaya ko, ibibigay ko.

'Yung mga --- isa nating kapatid na --- this is not the end of it. Lahat kayong mga sundalo na may pinsala na ganun, I will see to it that you will have a gainful employment.

Kung ikaw, meron akong ginagawa sa Malacañan, hindi ko lang masabi kung ano. But I can't get you as a… Payag sila sundalo ka pa rin, okay sa akin.

And for those na ano, hanapan ko ng paraan. The… Ang sikreto ngayon, itong panahon natin sa ating buhay is 'yung computer, cyberspace.

For those na wala na masyadong physical agility, you can take part of that program. I will see to it that you are taken in, I said, and gainfully employed sa buhay ninyo.

Meron din akong pera. I released 500 million kaagad nung matapos 'yung giyera para 'yung mga kailangan ninyo. Kung ano-ano lang. Hindi medisina. Whatever that would help you, 'yung komportable kayo sa buhay.

That's [500] million na pera na wala ng ano --- diretso na. Wala na 'yung dadaan pa ng mga --- galing sa akin 'yun eh, opisina. So 'yan muna ang tulong ko. Kung kulang, magdagdag ako.

But sa panahon ko, importante sa akin na… Alam mo, magulo ang mundo eh. Talagang upakan, ISIS, terrorism. Dito sa atin droga, may terrorism. Eh naghalo eh. May NPA.

Iba sa inyo siguro sa mga NPA. Nag-announce ako na ayaw ko na makipag-usap sa kanila. At sa opsyon (option) nila 'yan, hindi ko naman sila hinahamon.

Pero kung gusto nila ng giyera, eh pagbigyan ko sila. Wala akong magawa kasi I tried to talk to them na kung pwede sana mag-areglo tayo.

Kasi itong mahabang panahon na for 50 years. Sabi ko, "Medyo tama na siguro 'to."

Ngayon, if you feel like hinto na tayo nitong patayan ng Pilipino mas lalo ako maligayahan.

Pero 'yung hinihingi nila sa akin are things which I cannot give.

Nung mayor ako, magkaibigan kami kasi politiko lang ako eh. Alam mo ‘yang mga mayor, boto lang ‘yan. Walang pakialam ‘yan kung anong mangyari diyan sa taas.

Pero ngayong ako na ang Presidente, naiba ang istorya. Halos magkalaban na kami, nagkakaasaran na kami kasi hindi ko nga maibigay ‘yung hinihingi nila because it is not mine to give.
Hindi akin eh.

So may dalawa tayong kalaban. Kayo ang babalik sa giyera, bantay kayo. Ang kalaban natin is terrorism, ang NPA, pati drugs.

Ito namang drugs, hindi ko talaga alam kung lumala o bumuti ang kampanya. But if I think na medyo talagang lumala lalo kasi kulang nga ‘yung PDEA personnel, 2,000 lang ‘yan buong bayan, ibabalik ko talaga ‘yung pulis.

But just the same, I take full responsibility for that. ‘Yung mga imbestigasyon na nagnakaw diyan sa Marawi, hindi ako naniniwala niyan. Nandoon ako. Nakita naman ninyo ako doon. Alam ko.

Walang problema ‘yang maggamit tayo ng bagay. Eh nandoonn eh. ‘Yun ngang ginagamit ninyo na electric fan kung nandiyan ako, mainit ‘yung lugar.

Pero hindi ako naniniwala na ang sundalo ko magnanakaw. Saan mo ilagay ‘yan? Eh pag-uwi ninyo, puro kayo nakasakay sa truck.

Ano ‘yan, intriga ng --- wala na eh --- lalo na itong human rights, kung anong pinagdadaldal.
Hayaan ninyo ‘yan sila. Akin lahat ‘yun.

‘Yung lahat na kung anong sasabihin nila, sagot ko ‘yun kasi sabi ko, “I take full responsibility.” Akin ‘yan.

Kung sa Bisaya pa, akin ‘yung [antog at saka hantak?]. Akin ‘yung… Ako ‘yung nagpatawag ng martial law.

Ang ano ko nga ito nangyari sa inyo, nagkaroon ng mga pinsala. Masakit sa akin ‘yan. Pero I have to do it because the higher interest of the country demands that I really do it.

Pagka hindi magka-l****, baka ako pa ang barilin ninyo kung anong mangyari sa Pilipinas or I get impeached.

So may mga bagay-bagay ako na talagang gagawin ko. Pero hindi sabihin na makalimutan ko kayo.

At no other time na ang sundalo protektado pati ibigay ko sa inyo ‘yung lahat nang kailangan ninyo, mga armas na kailangan.

I am ordering new ones para pampalit doon sa inyo. Alam ko nagrereklamo kayo sa barrel pati vault. Baka in the next few months… I am in a hurry, nagmamadali ako. May papuntahin akong mga opisyal ng militar doon sa ibang lugar para mag-negotiate kaagad.

Kung mahirapan tayong maghingi, nakakahiya naman palagi sige hingi, mag-utang tayo, payable in 25 years ng soft loan ng armas.

Pero baka magkaroon kayo ng bagong klaseng armas but as equally deadly. Malaman natin ‘yan in the next... I am in a hurry. Maybe next year, mailantad ko na ‘yung ano…

Meron tayong acquisition na 23 attack helicopters. ‘Yun supisyente (sufficient) na ‘yon for a --- ‘yung mga rebellion-rebellion lang.

So lahat nang bibilhin ko para sa inyo, puro bago. Wala ng purchases ang --- sa panahon ko, ‘yung Armed Forces pati police na secondhand. Bago lahat at gagastos tayo.

Kaya ko naman kayo inaalagaan, hindi naman sa pang… Tawag dito sa Bisaya, B-I, B-I. Hindi ko kayo jina-jamming. Sa totoo lang, mas kailangan kayo ng bayan kaysa akin.

Eh ako maraming papalit eh. Kung mamatay ako, may Bise Presidente. ‘Pag namatay ang Bise Presidente, meron nang… But ‘yung serbisyo niyo sa bayan, hindi mapalitan ng pera ‘yan. Utang na loob ng Pilipino sa inyo ‘yan.

So I am here to thank you for your sacrifice at ‘yung dugo ninyo at hirap dinaanan ninyo, mahirap ‘yan. Kaya ako I find time. Pupunta pa ako rin sa ano, Christmas time.

The following day, I’m going to… Day after tomorrow, baka magpunta akong Jolo. Bibisitahin ko lahat ng na-deploy doon sa Marawi pati sa Jolo.

‘Yun na lang ang maibigay ko. Konting bagay na maibigay ko na magkita tayo at may mga regalo ako. Ang baril ninyo, nandoon na ‘yung record.

‘Yung baril na ‘yan, pag na-assign kayo banda sa ano --- hindi ako nagpapatawa --- kasi nakita ko, kayo ‘yung walang side arms.

Siguro to date, mayroon ng mga 7 or 8 na nakuha ng NPA. I don’t mind it. That’s fighting.

‘Yung iba, inii-sparrow nila, alam mo na NPA. But mag-crash course kayo sa mga dating PC, ‘yun ‘yung sila ang marunong sa ano --- sa pang-amoy sa… Paglabas mo ng bahay, tingnan mo muna. ‘Pag may istambay diyan, isang oras na naninigarilyo, nagso-softdrinks ganun, paano iwasan ninyo.

Huwag ninyong i-surrender ‘yang armas na ibigay ninyo. Ngayon, kung nandoon sa… Masama man pakinggan pero usually it comes with three magazines. ‘Yung isa, naka-deploy, ‘yung isa --- dalawa, naka-reserba.

‘Yung last magazine, para inyo ‘yun. Huwag mong ubusin sa kalaban, magtira ka ng para iyo.

Huwag mong ibigay ‘yung armas mo buhay ka. Huwag kang mag-surrender kasi bababuyin ka.

Talagang gawain kang parang aso sa kampo nila pagkatapos papatayin ka lang rin harap ng camera.

Kaya pagka na-corner kayo, sabay-sabay na tayo, tutal magkita man tayo sa impiyerno balang araw. ‘Yung last magazine mo, para iyo ‘yan, kainin mo na lang ‘yan.

Kainin mo na lang ‘yang baril mo. Huwag kang mag-surrender. Karay-karay ka na lang tapos…

[Patayin mo ‘yang ano mo, camera mo. Umiilaw eh ibig sabihin naka-on. Oh, ‘yung isa oh.]

Ang pinakamagandang saludo ibigay niyo sa kanila alam mo kung ano? Kung magtanong kayo sa akin, hindi ako sundalo, isa ako sa mga suplado lang. Pagna-corner ka, ganunin mo ang kamay mo. F*** you. Huwag mo silang bigyan ng kaligayahan na t*** mo, l*** ka. Ganun.

Kondisyon ‘yang baril na ‘yan. Ayusin mo kasi baka tuloy mag-jam, eh ‘di pareho rin para kang aso, talian ka dito, gawain kang…

I would rather that you die with honor. Defiant.

[livestream interrupted]

…Down with your enemy. Hindi na ako magtagal kasi bisita pa ako sa ibang… Meron kayong card, you have the instruction.

I want you to cultivate --- sariling communication natin. You are free to call anytime. ‘Pag may problema ka, hindi maayos dito sa level niyo, hindi maayos ng CO, diretso ka nang tawag sa akin at mag-usap tayo, baka makatulong ako.

Pero sigurado ako makatulong kayo. Lalo na ikaw bata na medyo may kapansanan na. I will take care of you and the others. ‘Yung --- nasaan na ‘yung nabulag? Okay na siya?

Oo, doon kayo. May computer diyan eh, mag-aral kayo. So bilhan kita ng computer bukas para mag-aral ka na kung hindi tuturuan ka.

‘Yung isa na ano, nandun na sa --- braille ‘yung kanya, braille ‘yung computer niya. ‘Yung tinyente na…

May buhay pa. Ang importante na useful ka. ‘Wag kang mawalaan ng pag-asa, hindi ‘yan ang ano --- istilo ng sundalo. Iiyak ka na lang, eh wala ka ring magawa.

Eh ‘di make your life productive and… May kulang? Paalamin ninyo ako. Magkaibigan tayo lahat. Bata ninyo ako. Hindi kayo ang bata ko.

Ako ‘yung utusan. Pareho lang tayo, workers of government. We serve to protect the people at ang ating bayan to preserve the Republic.

‘Wag kayong maniwala ‘yang mga coup d’état --- mga revolutionary coup d’état. Wala tayong makuha diyan. Let us just build a country.

Pero ang gusto ko, bago ako mag-alis dahil nga magulo ang mundo, I will build a strong military, dahan-dahan. Talagang strong na strong. At after five years, four years from now, ‘yun na lang naiwan sa termino ko, baka modern na tayo.

Not the atomic hydrogen, hindi natin kaya ‘yan at saka walang silbi sa atin. Pero ‘yang --- to protect the country… Magdagdag rin ako ng RSAF kasi ‘yun ang panglaban ko sa urban.

Pero mag-aral kayo ng bagong doctrine, how to fight in the urban areas. ‘Yan ang bago ngayon.

Wala akong kaduda-duda kung open field, kaya ninyo ‘yan. Madali ninyong tapusin. Pero ito, building per building, ang cover nila semento pati bakal, doon tayo nahirapan.

And the fact that we could not just --- bombahin ‘yung mga mosque doon kasi sinabi ko na sa kanilang mga official. You know, I have --- bago ako magbigay ng order na ganun, I have to think a thousand times.

Remember, there are two million five hundred plus Filipinos working in the Middle East. Puro nagtatrabaho ‘yan sa Muslim countries. Kaya tayo natagalan, kasi kung maaari, naghanap tayo ng paraan na wala masyadong damage, ang mga mosque hindi na…

Pero at the end, wala rin talaga tayong magawa. It was the last option available for us.

So ‘yan ang magdala ng giyera. Basta isipin mo muna kung ano --- ‘di ka basta lang papasok. Kasi iniisip ko rin, ‘pag nagalit ‘yung Muslim world, baka sila ang resbakan.

Alam mo naman ang mga istroya doon sa nagtatrabaho na mga Pilipino. ‘Yun ang iniisip ko talaga palagi. Ewan ko kung bakit medyo nagalangan, nagtulak-tulak kami kasi you have to take into account the lives of other Filipinos in other countries.

Para maintindihan ninyo. Baka hindi ninyo, “bakit ganito katagal”? Timpla-timpla lang ‘yang buhay kasi hindi mo matapos sa isang salita ang problema.

Then again, most of you are still in fighting [mood?]. Sige, balik tayo doon ‘yung ano… And remember, malala ‘to, gaganti ‘to. Kaya tayo naghihintay na lang kung saan sunod.

But over the years, if I can build a strong armed forces, pati ‘yung may mga attack helicopters tayo na coming our way, medyo light bombers. ‘Yun naman ang kailangan natin pati ‘yung mga RPG.

Otherwise, ‘yang --- of course, ‘yung mga armor. At kung sabihin mo na talagang --- ‘yun ang kailangan natin at ang dibdib ninyo, ng mga sundalo ng Republika.

Before I go I’d like to give you a salute. *[applause]*

---END---

source: PCOO-PND (Presidential News Desk)